Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

RECORDED
BY: [handwritten initials]
DATE 8.2
STA. CRUZ/LAGUNA

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA, NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-28 NG HULYO, 1999, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:20 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO ............ PANG. PUNONG BAYAN
Tagapangulo
Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Kagawad
Kgg. Florencio C. Odejar ......... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ............ Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ............ Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas ........... Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca ............ Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco ......... Kagawad

DI-DUDMALO:

Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... Kagawad

## KAPASIYAHAN BLG. 178-T'99

**KAPASIYAHANG NIRARATIPIKA ANG KASUNDUANG NILAGDAAN NG KGG. PUNONG BAYAN DOMINGO G. PANGANIBAN AT GNG. JULIETA M. SO, MAY-ARI NG ISANG PARSELANG LUPA SA BRGY. PALASAN, SANTA CRUZ, LAGUNA, UPANG MAGSILBING PANSAMANTALANG TAPUNAN NG BASURA NG BAYANG ITO SA HALAGANG APATNAPU'T LIMANG LIBONG PISO (P45,000.00) BILANG UPA BUWAN- BUWAN NA MAGKAKABISA AYON SA PANGANGAILANGAN NG BAYANG ITO SA TAONG KASALUKUYAN.**

**SAPAGKA'T,** ang paglagda sa isang mahalagang kasunduan tungkol sa pansamantalang paggamit ng isang parsela ng lupa sa Brgy. Palasan, bayang ito, bilang pansamantalang tapunan ng basura ay masusing binigyang-pansin at pag-aaral ng Kgg. Sangguniang Bayan;

**SAPAGKA'T,** layunin ng nabanggit na kasunduan na matugunan ang matinding pangangailangan ng bayang ito tungkol sa pansamantalang paggamit ng isang lugar na pagtatapunan ng basurang nakokolekta sa araw-araw para sa pagpapanatili ng kalinisan sa kapaligiran tungo sa kapakanan ng pamayanan;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Ricardo B. Ramirez at Louie C. de Leon at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na ratipikahin ang kasunduang nilagdaan ng Kgg. Punong Bayan Domingo G. Panganiban at Gng. Julieta M. So, may-ari ng isang parselang lupa sa Brgy. Palasan, Santa Cruz, Laguna upang magsilbing pansamantalang tapunan ng basura ng bayang ito sa halagang P45,000.00 bilang upa bawat-buwan na magkakabisa ayon sa pangangailangan ng bayang ito sa taong kasalukuyan.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan, Gng. Julieta M. So, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos, Pambayang Pinuno sa Pagpaplano at Pagpapaunlad, at Pambayang Inhinyero, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

SANGGUNIANG BAYAN
RECORDED
BY:
DATE
STA. CRUZ, LAGUNA